# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-1 ng Marso, 2024

## Higit sa 200 na Vote Center ang Available sa Sabado

Karagdagang mga vote center ang magbubukas sa Sabado na nagpapahintulot sa mga botante na bumoto nang maaga sa alinman sa mahigit na 200 vote center sa loob ng county. Ang mga lokasyong ito ay magiging bukas ng apat na araw bago at kasama na ang huling araw ng botohan, sa Ika-5 ng Marso. Ang mga vote centers ay nagbibigay daan para sa mga botante na iwasan ang mahabang pila sa pamamagitan ng pagboto nang maaga.

Ang oras ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang Lunes, Ika-4 ng Marso. Sa huling araw ng pagboto, Martes, Ika-5 ng Marso, lahat ng mga vote center at mga opisyal na ballot drop box ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Ang mga lokasyon para sa pareho ay nakalista sa inyong pamplet ng impormasyon ng botante o maaari ninyong hanapin ang mga ito online sa sdvote.com.

Pakitandaan na ang Santee-Lakeside Elks Lodge ay hindi na maglilingkod bilang vote center. Ididirekta ang mga botante sa dalawang pinakamalapit na vote center: Lakeside Community Center na matatagpuan sa 9841 Vine St. at Willowbrook Golf Course na matatagpuan sa 11905 Riverside Dr.

Kung hindi pa kayo rehistrado para bumoto at gusto makilahok sa eleksyon, maaari ninyong bisitahin ang alinmang vote center para kondisyonal na magparehistro at bumoto nang probisyonal hanggang sa Ika-5 ng Marso.

Matapos maproseso ang rehistrasyon ng botante at nakumpirma ng opisina ng Tagapagrehistro na ang botante ay hindi pa bumoto sa ibang lugar sa estado, ang rehistrasyon ng botante ay magiging aktibo at bibilangin ang probisyonal na balota.

Pinapalitan ng mga vote center ang mga lugar ng botohan at nagbibigay ng mas maraming serbisyo. Maaari kayong:

- Bumoto nang personal o ihulog ang isang balotang pangkoreo
- Bumoto gamit ang isang naa-access na ballot marking device
- Tumanggap ng tulong at materyales sa pagboto sa maramihang wika

- Magparehistro para bumoto o i-update ang inyong rehistrasyon ng botante at bumoto sa parehong araw

Maaaring gumamit ang mga botante ng touch screen upang:

- Gumawa ng kanilang mga seleksyon sa isang ballot marking device
- I-print ang opisyal na balota
- Suriin ito
- Ilagay ito sa pansikretong takip
- Ibigay ito sa isang manggagawa sa botohan upang ipasok sa kahon ng balota o ballot box

Ang balota ay bibilangin sa opisina ng Tagapagrehistro. Ang ballot marking device ay hindi nagtatabi, nag-tabulate o nagbibilang ng anumang mga boto.

Tandaan, ang pangangampanya o electioneering sa loob ng 100 na talampakan mula sa isang vote center o opisyal na ballot drop box ay ipinagbabawal. Kasama dito ang nakikitang display o pagpapakalat ng audio ng impormasyon na nagtataguyod o tumututol sa anumang kandidato o panukala sa balota. Hindi rin pinapayagan ang pagpapalakad ng anumang petisyon, kabilang ang mga para sa mga inisyatiba, referenda, recall o nominasyon ng kandidato.

Huwag magpahuli! Kung may hawak kayong balota, kumilos na ngayon.

- Bumoto mula sa tahanan:
    - Pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob.
    - Ibalik ito agad sa pamamagitan ng koreo.
    - Ang mga balota sa koreo na may postmark sa o bago ang Ika-5 ng Marso 5 at natanggap ng opisina ng Tagapagrehistro hanggang sa Ika-12 ng Marso ay ituturing na nabotohan sa tamang oras.
    - O ibalik ito sa isa sa 146 na opisyal na ballot drop box. Ang mga secure na stand-alone box ay nagtatampok ng logo ng Tagapagrehistro kasama ang seal ng County at may label na "Official Ballot Drop Box."
- Pumunta sa isang vote center.
    - Maaari ninyong dalhin ang opisyal na balotang inyong natanggap sa koreo, mag-check in sa vote center, pumirma sa elektronikong roster, at botohan ang inyong balota nang hindi kinakailangan ang sobreng pagbabalikan.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-1 ng Marso, 2024

Hanapin ang mga ballot drop box o mga vote center na malapit sa inyo sa pamamagitan ng online locator tool ng Tagapagrehistro o sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante. Para sa mga drop box, i-check ang oras ng operasyon ng bawat lokasyon bago magtungo sa sdvote.com

Kung mas maagang matatanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ang inyong balota, mas mabilis itong mapoproseso para sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon.

Kung naibalik niyo na ang inyong balota sa koreo, maaari ninyong kumpirmahin kung kailan ito natanggap ng opisina ng Tagapagrehistro sa sdvote.com o maaari ninyong subaybayan ito sa U.S. Postal Service sa pamamagitan ng pag-sign up para sa "Nasaan Ang Aking Balota?".

Maaari ninyong hanapin ang opisyal na ballot drop box o vote center malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyong tingnan ito online sa sdvote.com.

Kung plano ninyong bumoto para sa presidente, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na suriin ang mga patakaran ng bawat partidong pampulitika.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa presidensyal na primarya sa Marso sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101